JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Kwarter 2 - Modyul 3:
## Agrikultura



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 2 - Modyul 3: Paraan ng Pagtatanim at Pagpapatubo ng mga Halamang Ornamental**
**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293 na: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ng pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamitsa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na royalty bilang kondisyon.

Ang mga akda/materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalanng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabas sa telebisyon, pelikula at iba pa) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay sa isangkasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS) Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghingi ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinatawan ng tagapaglathala (publisher) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Development Team of the Module**

**Developer:** Evelyn T. Ramos
**Editors:** Allan T. Garcia, Ed.D.
James B. Delos Reyes, PhD
**Reviewers:** Laarni V. Miranda, Ed.D.
**Team Leader:** Elsa A. Marcos, Ed.D.
**Illustrator:** Gilbert B. Zamora
**Layout Artist:** Evelyn. T. Ramos
**Management Team:** Roy C. Tuballa, EMD., JD., CESO VI
Jay S. Montealto, CESO VI
Norma T. Francisco, DM
Mildred D. Dayao, Ed. D.
Laarni V. Miranda, Ed.D.
Aida F. Coyme, Ed.D.

**Printed in the Philippines**
Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center, Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur Province 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



# *ALAMIN*

Mabuhay! Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga guro at mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pagtuturo at ang pagkamit na karunungan sa panahon ng pandemya.

Idinisenyo at isinulat ang modyul na ito na kayo ang nasa isipan. Matutulungan kayo nito upang kayo'y maging mahusay, bihasa, at malayang mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na may kaugnayan sa pagtatanim,

Nilalaman:

Ang pagtatanim ng halamang ornamental ay nangangailangan ng mga kasanayan at kaalaman upang matamo ang nais na resulta at maging matagumpay. Ang katangiang taglay ay makakatulong sa mag-anak at pamayanan dahil sa maraming pakinabang ang naidudulot ng pagtatanim ng mga halamang ornamental.

Ang wastong paraan ng pagtatanim ng mga halamang ornamental ay hindi iba sa pagtatanim ng mga iba't ibang halaman, halos pareho lamang ang paraan ng pagpapatubo at pagtatanim nito. Isinaalang-alang din sa pagtatanim ng halamang ornamental ang pagpili ng mga itatanim, ang paggawa o paghahanda ng taniman at marami pang iba.

Ang modyul na ito ay tungkol sa: Paraan ng Pagtatanim at Pagpapatubo ng mga Halamang Ornamental

Pagkatapos ang mga aralin, kayo ay inaasahang:

1. Naipakikita ang wastong pamamaraan sa pagpapatubo/pagtatanim ng halamang ornamental
   1.1 pagpili ng itatanim
   1.2 paggawa/ paghahanda ng taniman
   1.3 paghahanda ng mga itatanim o patutubuin at itatanim
   1.4 pagtatanim ayon sa wastong pamamaraan



## SUBUKIN

Sagutin ang bawat tanong. Lagyan ng tsek ( / ) ang angkop na hanay.

| Mga Pahayag | Sang-ayon | Di-Sang-ayon |
|---|---|---|
| 1. Ang pasong malalapad ay maaaring gamitin na punlaan para sa mga halamang nais patubuin. | | |
| 2.Ang Rosal ay halamang ornamental na may malambot at di makahoy na tangkay | | |
| 3.Ang halamang ornamental na Bermuda grass o Carpet grass ay maaaring itanim sa malalawak o bakanteng lugar | | |
| 4. Dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng pagtatanim ng mga halamang ornamental ang lugar na pagtataniman. | | |
| 5. Hindi na kailangang alamin ang uri ng lupang tataniman ng mga halamang ornamental bago magsagawa ng gawain. | | |

**Aralin 3**

# Paraan ng Pagtatanim at Pagpapatubo ng mga Halamang Ornamental

Kalimitan ang mga halaman o punong ornamental ay sa sanga nagmumula, hindi katulad ng mga halamang gulay ay karamihan sa buto nagmumula. May mga halaman o punong ornamental ay sa buto rin nagmumula, gaya ng herbs at vines o halamang gumagapang.



## BALIKAN

Sagutin ang bawat tanong.

1. Aling halamang ornamental ang namumulaklak, gumamela o Chinese bamboo?
2. Anong pamaraang ginamit upang makakuha ng mga impormasyon tungkol sa halamang ornamental, pagsa-survey o pagbabasa?
3. Ano ang paraan ng pagsasama-samang pagtatanim ng halamang ornamental at halamang gulay, outercropping o intercropping?

4. Alin ang maaaring mag-intercrop, mga herbs at puno o mga herbs at namumulaklak?
5. Alin ang mahalaga sa pagtatanim ng pinagsamang halamang ornamental at iba pang mga halaman angkop dito, walang disenyo o may disenyo ?



## *TUKLASIN*

**Paraan ng Pagtatanim at Pagpapatubo ng mga Halamang Ornamental**

A. Wastong Paraan ng Pagtatanim sa Di-tuwirang Pagpapatubo

1. Ihanda ang kahong punlaan
2. Ibabad ng magdamag ang mga butong pantanim o sangang pantanim sa tubig.



3. Ipunla sa kahong punlaan at takpan habang di pa lumalabas ang unang sibol.

3. Kapag nagsisimula nang sumibol ang mga buto, unti-unting ilantad sa araw ang kahong punlaan.



4. Kapag nakabuo na ng tatlo hanggang apat na totoong dahon, maari na itong ilipat sa kamang taniman.
5. Piliin ang mga payat at dikit-dikit na punla. Itanim sila na magkakahiwalay sa kahong punlaan upang lumaki ng malusog saka sila ilipat sa kamang taniman.
6. Iwasang mapinsala ang mga ugat ng punla kung ito ay ililipat tanim.

Halimbawa :


ornamental chilli plant


sunflower


pandanggera

B.Wastong Paraan ng Pagtatanim sa Tuwirang Pagpapatubo

1. Ihanda ang lupang taniman at diligan
2. Lagyan ng patpat at tali na may buhol upang maging gabay





3. Gumawa ng mga butas sa ilalim ng buhol.
4. Maghulog ng 2-3 butong pantanim o sangang pantanim.
5. Takpan ng manipis na lupa ang bawat butas na may pantanim.
6. Maingat na diligan ang paligid ng butas.

Halimbawa:


Santan


Gumamela


San Francisco

Kalimitang ang halamang ornamental ay nagmumula sa buto at sanga. Ang pagpapatubo ng mga ito ay dapat bigyang pansin dahil dito magmumula ang ikagaganda ng mga tanim. Tiyakin din na walang ligaw na halaman gaya ng mga damo na tutubo sa kamang taniman. Kapag malaki-laki na ang mga punla, bungkalin nang marahan ang paligid ng halaman upang makahinga ang mga ugat nito at lumaki kaagad.

**Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagpili ng mga Halamang Punong Ornamental**

- Ang mga punong ornamental na matataas ay itinatanim sa gilid, sa kanto, o sa gitna ng ibang mababang halaman.
- Ang mga halamang ornamental na mabababa ay itinatanim sa mga panabi o paligid ng tahanan, maaari sa bakod, sa gilid ng daanan o pathway.
- Ang mga namumulaklak na halaman/punong ornamental ay inihahalo o isinasama sa mga halamang di namumulaklak.
- Ang mga halaman /punong ornamental na madaling palaguin ay maaaring itanim kahit saan ngunit ang mahirap palaguin ay itinatanim sa lugar na maaalagaan nang mabuti.
- Ang mga halamang ornamental na lumalago sa lupa ay maaring itanim sa tamang makakasama nito at ang mga halamang lumalago sa tubig ay maaari sa mga babasaging sisidlan sa loob ng tahanan o sa fishpond sa halamanan. Ang mga pipiliin halaman/puno na itatanim ay dapat iaayon sa kaayusan ng tahanan at kapaligiran, ang gamit o bentahe ng mga halaman sa bakuran na kung ang mga ito ay nakapagpapaganda sa halamanan, na maaaring makaani para gawing pagkain at nakapagbibigay ng sariwang hangin at higit sa lahat matibay sa anumang panahon, tag-init man o tag-ulan.

**Wastong Pamamaraan sa Paghahanda ng Taniman ng Halalamang Ornamental**

Matapos makita ang lugar na pagtataniman, pag-aralan muna kung anong uri ng lupang taniman ito. Kapag ang lupa ay tuyo, matigas, at bitak-bitak, nararapat na haluan ito ng mga organikong bagay gaya ng mga binulok (decomposed) na mga halaman tulad ng dayami, tinabas na damo, mga tuyong dahon, at mga dumi ng hayop upang maging mabuhaghag ang lupang tataniman. Kapag malagkit at sobrang basa, haluan din ito ng compost upang lumuwag ang lupa.

Kapag naayos na ang lupang tataniman, puwede na itong bungkalin gamit ang asarol at piko. Tanggalin ang mga bato, matitigas na ugat at mga di kailangang bagay ng halaman sa lupang tataniman habang nagbubungkal. Kapag nabungkal na ang lupang taniman, lagyan ito ng organikong pataba gaya ng kompos o *humus* at patagin ito gamit ang kalaykay (*rake*). Pagkatapos mabungkal at mapatag ang lupang taniman, maaari na itong taniman ng mga halaman o punong ornamental.

Ang magandang disenyo ng lupa ay nakaangat nang bahagya at may mga iba't ibang hugis ng bato sa mga gilid ng lugar na tataniman. Kung ang lugar na pagtataniman ng mga halamang ornamental ay malawak, lagyan ito ng mga *accessories* gaya ng pergola, maliit na fishpond, garden set at grotto. Kung di gaanong malawak, simpleng kaayusan lamang ang bagay ilagay gaya ng mga palamuting banga o porselanang sisidlan.

**Wastong Paraan sa Paghahanda ng mga Itatanim o Patutubuin**

Sa pagsasaayos ng mga halamang ornamental sa lugar na pagtataniman, narito ang ilang bagay na dapat sundin:

a. Ang mga lumalaki at yumayabong na halamang ornamental ay di dapat itanim sa harapan o unahan ng mga halamang maliit kung tumubo.
b. Ang mga may kulay na halaman ay pinaplano kung paano at saan sila magandang patubuin.
c. Ang laki at lapad ng mga dahon ay iniuuri kung saan ito ilalagay ayon sa plano ng landscaping

d. Ang namumulaklak na mga halaman ay kailangan ilagay sa naaarawan at kasiya-siyang tanawin. Makatutulong ang pagsasama-sama ng uri o kulay kung kinakailangan.
e. Ang mga halamang magiging malalaking puno ay dapat ilagay sa hindi makakasagabal sa darating na panahon.

Ang ikatatagal ng buhay ng mga halamang ornamental ay sa pamamaraan ng paghahanda ng lupang taniman, wastong paraan ng pagpapatubo ng mga buto at sangang pantanim at ang masinsin na pag-aalaga habang ang mga halamang ornamental ay sumibol at lumaki.



## *SURIIN*

➢ Dalawang paraan ng pagtatanim at pagpapatubo ng halamang ornamental

1. Di-tuwirang pagpapatubo – gumagamit pa ng kahong punlaan upang makapagpasibol ng bagong halaman
2. Tuwirang Pagpapatubo – diretso na sa taniman ang pagtatanim

Ang pagpapatubo ng mga halaman ay dapat bigyang pansin dahil dito magmumula ang ikagaganda ng mga tanim. Tiyakin din na walang ligaw na halaman gaya ng mga damo na tutubo sa kamang taniman. Kapag malaki-laki na ang mga punla, bungkalin nang marahan ang paligid ng halaman upang makahinga ang mga ugat nito at lumaki kaagad.

➢ Paghahanda ng Taniman ng Halalamang Ornamental

1. tuyo, matigas, at bitak-bitak na lupa - haluan ito ng mga organikong bagay
2. malagkit at sobrang basa na lupa- haluan ng compost
3. bungkalin gamit ang asarol at piko
4. tanggalin ang mga bato, matitigas na ugat
5. lagyan ito ng organikong pataba

➢ Paghahanda ng mga Itatanim o Patutubuin

1. Ang mga lumalaki at yumayabong na halamang ornamental ay di dapat itanim sa harapan o unahan ng mga halamang maliit kung tumubo.
2. Ang mga may kulay na halaman ay pinaplano kung paano at saan sila magandang patubuin.
3. Ang laki at lapad ng mga dahon ay iniuuri kung saan ito ilalagay ayon sa plano ng landscaping
4. Ang namumulaklak na mga halaman ay kailangan ilagay sa naaarawan at kasiya-siyang tanawin.
5. Ang mga halamang magiging malalaking puno ay dapat ilagay sa hindi makakasagabal sa darating na panahon.



## *PAGYAMANIN*

Markahan ng tsek ( / ) kung wasto ang pamamaraan
ng pagtatanim at ekis ( X ) kung hindi wasto.

_______1. Ibabad ng magdamag ang mga butong pantanim o sangang pantanim sa tubig.
_______2. Maari nang ilipat ang punla kapag may tatlo hanggang apat na totoong dahon ito.
_______3. Maghulog ng limang butong pantanim sa butas.
_______4. Itanim na magkahiwalay ang mga payat at dikit-dikit na punla.
_______5. Takpan ng tigang na lupa ang bawat butas na may pantanim.
_______6. Ang halamang ornamental na Bermuda grass o Carpet grass ay maaaring itanim sa paso sa loob ng tahanan.
_______7. Kailangang alamin muna ang uri ng lupang tataniman ng mga halamang ornamental bago magsagawa ng gawain.
_______8. Kailangang gumamit ng angkop na kasangkapan sa paghahanda ng taniman
_______9. Ang halamang ornamental na kalachuchi ay hindi lumalaki at yamayabong.
_______10. Ang mga halamang ornamental na mababa ay itinatanim sa mga paligid ng tahanan.



## *ISAISIP*

Kumpletuhin ang bawat pangungusap ng mga angkop na salita.

1. Ang halamang_______________ay dapat ilagay sa naaarawan.
2. Haluan ng mga________________bagay ang mga tuyo at matigas na lupa upang maging mabuhaghag ang lupang tataniman.
3. Magbungkal ng lupang tataniman gamit ang__________________.
4. Ang mga halamang lumalago sa tubig ay maaari itanim sa mga babasaging ____________ sa loob ng bahay.
5. Gumamit ng tali na may _________ upang maging gabay sa paggawa ng butas.



## *ISAGAWA*

Punan ang bawat hanay ng mga hinihinging impormasyon.

| Katangian ng halaman | Saan o lugar na itatanim | Dalawang halimbawa nito |
|---|---|---|
| 1.punong ornamental na matataas | | |
| 2.halamang ornamental na mabababa | | |

| | | |
|---|---|---|
| 3.mga namumulaklak na halaman | | |
| 4.halamang ornamental na madaling palaguin | | |
| 5.halamang lumalago sa tubig | | |



## TAYAHIN

Sagutin ang bawat aytem. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang hindi dapat mapinsala sa paglilipat ng punla sa taniman?
   A. Dahon
   B. Sanga
   C. Bunga
   D. Ugat
2. Ano ang dapat gamitin upang makuha ang tamang agwat ng mga inilipat na punla?
   A. Panukat
   B. Patpat
   C. Tali na may buhol
   D. Kasangkapang panghalaman
3. Alin sa mga halimbawa ng halamang ornamental ang may malalambot at di makahoy na tangkay?
   A. Daisy
   B. Morning Glory
   C. Rosal
   D. Bermuda grass
4. Saan maaaring itanim ang halamang ornamental na Bermuda grass o Carpet grass?
   A. Sa paso sa loob ng tahanan
   B. Sa paso sa labas ng tahanan
   C. Sa malalawak o bakanteng lugar
   D. Sa mabatong lugar
5. Alin sa sumusunod ang dapat na unang isinasaalang-alang sa pagsasagawa ng pagtatanim ng mga halamang ornamental?
   A. Mga halamang ornamental
   B. Lugar na pagtataniman
   C. Mga kasangkapang gagamitin
   D. Lahat ng mga ito
6. Nais mong magtanim ng halamang ornamental sa ayos na WELCOME. Saan mo ito dapat isagawa?
   A. Harapan ng bahay
   B. Kanang gilid ng bahay
   C. Likod ng bahay
   D. Kaliwang gilid ng bahay
7. Bakit kailangan ang masusing paghahanda sa itatanim?
   A. Lupang mabilis lumaki ang mga halaman
   B. Upang maisakatuparan ang proyekto ng wasto
   C. Upang mapadali ang pagsugpo ng mga sakit nito

D. Upang maibenta kaagad ang mga produkto

8. Aling mga halamang ornamental ang hindi dapat na itinatanim sa harapan o unahan ng maliliit na halaman?
   A. Mga lumalaki at yumayabong na halamang ornamental
   B. Mga may kulay na halaman
   C. Mga maliliit na halaman
   D. Mga nabubuhay sa tubig
9. Alin sa mga halamang ornamental na nakasaad ang lumalaki at yumayabong?
   A. Kalachuchi
   B. Balete
   C. Ilang-ilang
   D. Lahat ng mga ito
10. Ano ang dapat pagsama-samahin sa pagsasaayos ng mga halamang ornamental?
   A. Magkakasingkulay na halaman
   B. Magkakauring halaman
   C. Magkakasinlaking halaman
   D. Lahat ng mga ito



## *KARAGDAGANG GAWAIN*

Isulat sa loob ng triyanggulo kung saang lugar angkop tamnan ang mga halaman nasa loob ng kahon. ( paligid ng tahanan, bakod, sa tubigan, sa paso, o sa lugar na naarawan )

1.
Mayana
Aloe vera
Caladium

2.
Morning glory
Kadena de Amor
Yellow Bell

3.
Water lily
Lotus
Hyacinth

4
Gumamela
Rosal
Waling-waling

5.
Palmeras
San Francisco
Snake plant



# SUSI SA PAGWAWASTO

Subukin

1.sang-ayon
2. di-sang-ayon
3.sang-ayon
4.sang-ayon
5.di-sang-ayon

Balikan

1.gumamela
2. pagsa-survey
3. intercropping
4. mga herbs at namumulaklak
5. may disenyo

Pagyamanin

1. /
2. /
3. X
4. /
5. X
6. X
7. /
8. /
9. X
10. /

Isaisip

1.namumulaklak
2. organiko
3.asarol at piko
4. sisidlan
5. buhol

Isagawa

1.sa likuran ng maliliit na halaman
hal.adelfa,gumamela
(tanggapin iba pang halimbawa)
2. paligid ng tahanan
hal. Daisy, ferns atbp.
3. naaarawan
hal.Rosal,bougainvillea atbp
4. kahit saan
hal.gumamela, santan
5. sisidlan/fishpond
hal. Waterlily , lotus

Tayahin

1. D
2. C
3. A
4. C
5. D
6. A
7. A
8. A
9. D
10. D

Karagdagang Gawain

1.paso

2.bakod

3.tubigan

4.lugar na naarawan

5.paligid ng tahanan

## ***SANGGUNIAN:***

"Mga Halamang Ornamental," Department of Education: MISOSA Learning Material/ Module

"What is gumamela?," Most Talk About, Jacque Line, last Modified April 2015, http://jacquepets.blogspot.com/2015/04/what-is-gumamela.html?=1